



Mga Beterano, Nakatatanda ng King County at mga Pataw sa Serbisyong Pantao

Tinitiyak na ang mga Beterano, Nakatatanda at Matatag na Komunidad ay konektado at suportado sa buong rehiyon.

Mula noong 2006, pinondohan ng King County Veterans and Human Services Levy ang isang malawak na hanay ng mga programa na nag-uugnay sa mga beterano, miyembro ng serbisyong militar at kanilang mga pamilya, pati na rin ang mga indibidwal at pamilyang nangangailangan na may abot-kayang pabahay, trabaho, paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at iba pang mga serbisyo. Noong 2017, inaprubahan ng mga botante ang Veterans, Seniors and Human Services Levy (VSHSL) (Mga Beterano, Nakatatanda at mga Pataw sa Serbisyong Pantao), na dumadagdag ng pondo para sa mga serbisyo sa mga nakatatanda sa King County at kanilang mga tagapag-alaga. Ang kasalukuyang pagpapataw ay magtatapos sa Disyembre 2023.



Kung na-renew, ang pataw ay:

SUSUPORTA SA MGA BETERANO

Pauunlarin ang Pinakamalakas na Lokal na Beteranong Programa sa Bansa

- Ang pataw ay nagpapanatili at nagpapalawak ng mga makabagong pakikipagsosyo at pakikiprograma, komprehensibong pamamahala ng kaso, at pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga beterano at kanilang mga pamilya at tagapag-alaga. Kabilang dito ang:
 - Operasyon ng dalawang lugar ng King County Veterans Program (KCVP) sa Northgate at Tukwila
 - Pagbibigay ng pagpapayo sa kalusugan ng isip sa mga beterano, mga miyembro ng serbisyo at kanilang mga pamilya

Patuloy na bawasan ang bilang ng mga beteranong walang tirahan

- Sa susunod na anim na taon, ang VSHSL ay nagsusumikap na higit pang bawasan ang kawalan ng tirahan ng mga beterano sa mga sumusunod na paraan:
 - Paglikha ng hindi bababa sa 200 na yunit ng itinalagang abot-kayang pabahay para sa mga beterano, upang gawing permanente ang Tulong-Tulong na Kaso ng Programang Pamamahala, at pagpopondo sa mga nabigador ng pabahay upang matulungan ang mga tao na makahanap ng abot-kayang pabahay.

PALAWAKIN ANG AKSESIBILIDAD PARA SA MGA MATATANDA

Doblehin ang Kasalukuyang Pagpopondo para sa mga Sentro ng Nakatatanda

- Ang pataw ay magpapatibay sa mga serbisyo na gumawa ng pagbabago sa panahon ng pandemya, magpapalakas at magpapanatili ng programa sa sentro ng nakatatanda upang magbigay ng panlipunang koneksyon, at mamuhunan sa mga pagpapahusay ng berdeng enerhiya tulad ng mga heat pump, solar panel, at pansala ng hangin na tumutulong sa mga sentro ng nakatatanda na bawasan ang kanilang karbon footprint, bawasan ang mga bayarin sa utilidad, at magbigay ng kanlungan sa matinding panahon.

PALAKASIN ANG MGA KOMUNIDAD, MAGBUO NG KATATAGAN

Palalimin ang mga Pamumuhunan sa Kritikal na Puwersa ng Manggagawa

- Ang kasiglahan ng rehiyon ay nangangailangan ng isang epektibo at napapanatiling mga pantaong serbisyong puwersa ng manggagawa na maaaring pumigil sa mga krisis at makatulong sa paglutas sa mga ito sa tamang oras. Ang pataw ay gumaganap ng isang kritikal na papel sa pamumuhunan sa mga taong sumusuporta sa mga nangangailangan, gawin ang ating mga komunidad na isang lugar kung saan ang mga tao ay maaaring umunlad, at matiyak na ang mga serbisyong pantao ay naa-akses, epektibo, at pantay.

Ang pag-renew ng pataw ay magpapatuloy sa nakaraang trabaho at susuporta sa mga kasalukuyang pagsisikap.

MGA BETERANO

Pinalalakas ng mga beterano ang ating rehiyon, at ang King County ay nagtatayo ng pinakamalakas na lokal na programa ng mga beterano sa bansa upang suportahan sila. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpopondo mula sa nakalipas na tatlong pataw, palalawakin ng KCVP ang pakikipagsosyo sa mga tagapabigay ng serbisyo upang makagawa ng one-stop-shop na lokasyon para sa libu-libong beterano taun-taon.

- Naglingkod sa higit sa 27,000 beterano, miyembro ng serbisyo at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng VSHSL na may mas kaunting mga hadlang sa pagiging kwalipikado kaysa sa maraming programang pederal



MGA NAKATATANDA

Kinikilala ng VSHSL ang mahalagang papel ng mga sentro ng nakatatanda sa ating komunidad at tutulungan silang maging mas madaling ma-akses at mapanatili nang pangmatagalan.

- Pinondohan ang 39 na sentro ng nakatatanda sa buong county
- Nagsilbi ng higit sa 100,000 sa pamamagitan ng pinalawak na programa para sa mga nakatatanda



MAGBUO NG KATATAGAN

Makakatulong ang pataw na patatagin ang mga puwersa ng manggagawa sa serbisyong pantao, at mamumuhunan din sa mga taong tumutulong sa ating mga komunidad na umunlad. Ang pagpapataw ay magdaragdag din ng pondo para sa mga pagsisikap sa pag-iwas at mga tugon sa mga nakaligtas sa karahasang nakabatay sa kasarian

- Pinondohan ang 675 na mga bonus sa 55 na ahensya
- Pinondohan ang mga serbisyo ng mobil na adbokasiya para sa higit sa 1,200 na nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian
- Tumulong sa pagtatayo ng higit sa 1,000 yunit ng abot-kayang pabahay at 198 na mga bagong kama sa mga tahanan para sa mga walang tirahan
- Inilunsad ang DVHopeline para sa buong county, isang hotline sa karahasan sa tahanan na magagamit 24-oras sa maraming wika, na nakatanggap ng 16,000 tawag o text at nag-refer ng halos 7,000 ng mga tumawag na iyon sa kung saan sila makatanggap ng karagdagang suporta



Kung na-renew, ang pataw ay:

- Magpopondo ng permanenteng pansuportang pabahay, partikular para sa mga beterano
- Magpapatuloy na bawasan ang beteranong walang tirahan
- Magpapalawak ng mga pamumuhunan sa mga manggagawa sa serbisyong pantao
- Dodoble sa kasalukuyang pondo para sa mga sentro ng nakatatanda
- Magpapanatili ng akses sa pagpapayo at suporta sa kalusugan ng isip para sa mga beterano at nakatatanda
- Magtatalaga ng kawani ng King County upang palakasin ang mga koneksyon ng residente at mga mapagkukunan
- Magpapalalim sa programang nakasentro sa komunidad para sa mga nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian

Gastos sa mga Residente ng King County

Ang pataw ay tatasahin sa 10 sentimo bawat \$1,000 sa tinasang halaga, na tinatayang nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$83.75 bawat taon batay sa tinanyang 2024 na halaga ng bahay para sa isang karaniwang-presyong bahay. Ang kabuuang kita ay tinatantya sa \$581 milyon sa loob ng anim na taon (2024-2029).



+\$17 higit pa bawat taon batay sa tinanyang 2024 na halaga ng tahanan

Palatakdaan ng oras

2023

- Ang ehekutibo ay magpapadala ng batas sa Konseho.
- Inaasahan ang King County Council na bumoto hanggang Mayo kung ilalagay ang panukala sa balota ng Agosto. Kung aprubahan ng mga botante, ang Ehekutibo ay maghahanda ng isang detalyadong plano sa pagpapatupad bago ang Oktubre 31, 2023.

2024

Enero 1:
2024-2029
Magsisimula ang VSHSL, kung maaprubahan.



King County

DCE: 13119w